



**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
DILIMAN QUEZON CITY**

VOIP TRUNKLINE: 981-8500 LOCAL: 2558, 2556
DIRECT LINE: (632) 929-5401, (632) 927-1835
FAX: (632) 928-2863
E-MAIL: chancellor.updiliman@up.edu.ph

OFFICE OF THE CHANCELLOR

13 Enero 2021

MEMORANDUM BLG. FRN-21-006

Para sa : Mga Bise-Tsanselor, Dekano, Direktor, Kaguruan, at Kawani
Mga Tagapangulo ng Konseho ng Mag-aaral ng Unibersidad at
mga Kolehiyo

Tungkol sa: UP Diliman Arts and Culture Festival 2021

*Engkwentro: Barikada Singkwenta at Ika-500 Taon ng
Pagtatagpo ng Pilipinas at Espanya*

Kaalinsabay ng pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Sining sa darating na Pebrero 2021, gugunitain ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman ang dalawang mahahalagang engkwentro o pagtatagpo: ang ika-50 taon ng Diliman Commune at ika-500 taon ng Pagtatagpo ng Pilipinas at Espanya. Kaalinsabay rin nito ang ika-500 anibersaryo ng tagumpay ng labanan sa Mactan at ang ika-500 taon ng pagpapakilala ng Kristiyanismo sa bansa. Ang dalawang pagtatagpo ay gugunitain sa pamamagitan ng *Engkwentro: UP Diliman Arts and Culture Festival 2021* na gaganapin sa buwan ng Pebrero hanggang Abril ng taong kasalukuyan.

Isang katangi-tanging pagkakataon na tingnan ang mga kaganapang ito bilang engkwentro o mga pagtatagpo na nagmula sa iba't ibang sitwasyon ng pakikipag-usap o diyologo – *conversation, negotiation, emotion, silence, etc.* Ang paggunita sa dalawang yugto na ito sa kasaysayan ng Pilipinas ay itinuturing na mahalagang batis ng mga pag-aaral at pag-unawa sa sining at kultura ng mga Pilipino. Magkaiba man ang panahon, lunan at konteksto, itinanghal ng mga engkwentrong ito ang panata, dedikasyon at kolektibong aksyon sa ngalan ng kalayaan ng bayan.

Gayundin, hinihikayat ang mga iskolar ng bayan na pagnilayan sa pamamagitan ng mga proyektong pansining at pangkultura ang mga pagtatagpo ng ideya at konsepto, ang palitan ng materyal at performatibong kultura, ang paglikha ng mga kolaborasyon na nagbibigay ng kritikal na perspektiba sa mga isyung pangkasaysayan at panlipunan, at ang pagsusulong ng mga talastasan ng mga mananaliksik, guro, mag-aaral, at publiko.

Barikada Singkwenta

Maituturing na engkwentro ng pakikisangkot o pakikilahok ang Diliman Commune noong Pebrero 1971. Sa loob ng siyam na araw, hindi matatawaran ang ipinamalas na puwersa ng mga mag-aaral ng UP Diliman, kasama ang kaguruan, kawani, at publiko, sa pagprotekta sa kampus ng unibersidad laban sa mga pulis at militar. Isang taon pagkatapos ng Sigwa ng Unang Kwartar (*First Quarter Storm*), sunod-sunod pa rin ang paglulunsad ng protesta ng mga mag-aaral, kasama ang mga drayber, laban sa pagtaas ng presyo ng gasolina, mababang sahod ng mga manggagawa, at lalo't higit sa ikalawang termino ni Ferdinand E. Marcos bilang pangulo. Ang protesta at barikada ay lumaganap din sa ibang mga unibersidad sa Maynila at Los Baños na pinangunahan ng mga aktibistang kabataan. Tampok ang University Avenue ng UP

Diliman bilang pangunahing lugar ng barikada gamit ang mga silya at lamesa mula sa mga silid-aralan. Nagsama-sama ang mga mag-aaral bilang isang komunidad upang pigilan ang pagpasok ng mga pulis at militar sa loob ng kampus. Naging marahas ang pagtatapong ito: binaril at namatay ang mag-aaral na si Pastor "Sonny" Mesina Jr.; gayundin, pinasok ng militar ang mga dormitoryo sa loob ng kampus. Iginiit ni Salvador P. Lopez, presidente ng UP mula 1969 – 1975, ang awtonomiya ng Unibersidad. Hindi naman nagpatinag ang mga "communards" o estudyante. Malaki ang naging papel ng University Student Council, Philippine Collegian, DZUP, at UP Press upang mapalakas ang kanilang depensa laban sa militarisasyon ng administrasyong Marcos.

Paggunita sa Ika-500 Pagtatagpo ng Katutubong Pilipino at Mananakop na Espanyol

Magkakaugnay na pagtatagpo ang gugunitain ng bansa mula Marso hanggang Oktubre 2021. Ayon sa Philippine National Quincentennial Committee, tatlong makasaysayang engkwentro ang ginugunita: una, ang tagumpay ng labanan sa Mactan (27 April), ikalawa, ang pagiging bahagi ng Pilipinas sa unang pag-ikot sa mundo (mula 16 Marso hanggang 29 Oktubre), at ikatlo, ang anibersaryo ng pagpapakilala ng Kristiyanismo sa bansa. Ang engkwentro ng katutubo at mga mananakop ay nagbunga ng mga uri ng pagtatagpo na humubog sa kolonyal na relasyon ng Pilipinas at Espanya sa loob ng 500 taon – ang pagtanggap at transpormasyon ng sining at kultura, gayundin ang paglaban sa mananakop upang ipagtanggol ang lupain at kultura ng katutubo. Ang mga temang ito ay nakikitang mahalagang bigyang-pansin para sa pag-unawa ng kasaysayan ng bayan sa kasalukuyang panahon.

Layunin ng Proyekto:

1. Maipamulat sa mga kasalukuyang mag-aaral ang kahalagahan ng mga nabanggit na engkwentro o mga kwento ng pagtatagpo bilang bahagi ng pagbubuo ng kasaysayan sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng sining;
2. Mapag-usapan ang kontribusyon ng mga nabanggit na pagtatagpo bilang mahalagang salik ng makasining at malikhaing paggawa na malay sa pakikipag-ugnayan sa pamayanan; at
3. Maisakonteksto ang aral ng mga pagtatagpong ito bilang prosesong panlipunan na susi sa pagkakaroon ng *participative democracy*.

Ang nasabing pagdiriwang ay binubuo ng mga gawaing magpapakulat sa mga kasalukuyang mag-aaral ng kahalagahan ng mga nabanggit na engkwentro bilang bahagi ng pagbubuo ng kasaysayan sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng sining at porma ng pakikipagtalastasan: 8 *webinars/conferences*, 4 *exhibitions*, 3 *performances*, 1 *virtual tour*, at 1 *public art*. Itatanghal ang mga ito sa pamamagitan ng birtwal o *online format* na mapapanood sa UPD-OICA Facebook Page (<https://www.facebook.com/updoica>) o UPD-OICA Youtube Channel (www.youtube/channel/UPD-OICA).

Mga Yugto ng Engkwentro:

1. ***Barikada Singkwenta: Pagpupugay at Paggunita (a late afternoon vigil)***
1 Pebrero (Lunes), 5:30 n.h., Quezon Hall / University Avenue

Ang maikling programang ito ay isang taimtim na pag-alaala sa pangunguna o pagiging bahagi ng mga kabataan o ng mga mag-aaral na mabigyan ng pansin ang lumalalang isyung panlipunan noong dekada 70. Nais ng komite ng paglulunsad na bigyang-pugay ang mga mag-aaral, isa na rito si G. Pastor Sonny

Mesina, na nagbuwis ng kanilang buhay para sa adhikaing ito. Ididirekta ito ni Prop. Josefina F. Estrella.

2. **ENGKWENTRO: Sa(la)ysay ng Diliman Commune (A Virtual Exhibition)**

Ilulunsad sa 1 Pebrero (Lunes) 7:00 n.g.

Ang mga tema ng eksibisyon ay naka-angkla sa siyam na araw ng Diliman Commune at mga perspektiba ukol dito. Ang mga bahagi ng eksibit ay maglalahad ng lawak at lalim ng ugnayan ng Diliman Commune sa kasaysayan ng UP at ng bayang Pilipino. Ang mga elemento ng eksibisyon ay magbibigay ng repleksyon at interpretasyon sa mga pangyayari noong Pebrero 1971 mula sa lente ng kasaysayan, malikhaing pagsulat at panitikan, mga tradisyong oral, at *creative video documentaries* na tatampukan ng mga saksi sa kasaysayan ng Diliman Commune. Nakatuntong sa konsepto ng *public history*, ang perspektibang pangkasaysayan ay makikipagdiyalogo sa mga panulat ni Jose Rizal na humihikayat sa kabataang Pilipino na magkaroon ng papel sa paglikha ng lipunang Pilipino.

Bibigyan ng puwang ang pagmamapa sa mga kaganapan ng Diliman Commune upang maipakita ang ugnayan o engkwentro ng tao, espasyo, at materyal na kultura ng UP Diliman. Tulad na lamang ng mga pampublikong sining na matatagpuan sa University Avenue, nagsisilbing lunduyan ng kahulugan ang lugar bilang *active heritage* na nagbibigay-kulay sa *cultural landscape* ng ating komunidad.

Lilikha ng isang website upang maging tahanan ng pang-arkibong pananaliksik at ng mga pag-aaral ukol sa Diliman Commune. Kasama rito ang mga kontemporaryong likhang-sining tulad ng potograpiya, animasyon, sining-grapiko, at dokumentasyon ng sining-instalasyon na *enKWENTro* ni Toym Imao.

Gayundin, sa pamamagitan ng online platforms, magkakaroon ng aktibong diseminasyon ng kasaysayan at perspektiba ukol sa Diliman Commune gamit ang arkibo, teksto, at imahe mula ika-1 hanggang ika-9 ng Pebrero. Bawat araw ay may *social media postings* tungkol sa mga pangyayaring naganap sa kasaysayan, gayundin ang *public art installation* na *enKWENTro* sa Facebook page ng UPD-OICA at Bulwagan ng Dangal.

Pangungunahan ni Dr. Cecilia S. De La Paz, curator ng Bulwagan ng Dangal University Heritage Museum, ang curatorial team na bubuo ng birtwal na eksibisyon. Ang curatorial team na ito ang lumikha ng naunang virtual exhibit na *Lupang Hinirang: Mga Kuwento ng Pagsasalugar ng UP Diliman* (<https://lupanghinirang.upd.edu.ph>) na bahagi ng 2019 UPD Arts and Culture Festival na may temang "Lakad-Gunita sa Lupang Hinirang." Ang kahalagahan ng kolaborasyon sa malikhaing paggawa ay isinusulong din ng mga proyektong ito kung kaya't katuwang ng virtual exhibit ang mga kasaping proyekto o project component ng *Barikada Singkwenta: Pagpupugay at Paggunita (a late afternoon vigil)* at public art installation na *enKWENTro*.

3. **enKWENTro: Mga Kwento ng Enkwentro (A Public Art Installation Project)**

Ilulunsad sa 1 Pebrero (Lunes) 3:00 n.h.

Sa pangunguna ni Prop. Toym Imao, isasalaysay ang mga kwento ng engkwentro sa pamamagitan ng isang *public art*. Bubuuin ito ng *movable art installations* ng mga tinatawag na "materyales fuertes." Limampung piraso ito ng muwebles— silya, mesa, atbp. — na lalangkapan ng mga naratibo tungkol sa Diliman Commune. Ang mga muwebles ay maaaring magmula sa mga "condemned furnitures" ng UP

upang magkaroon muli ang mga ito ng panibagong buhay at anyo sa pamamagitan ng sining.

Ilalagay ang movable art installations sa mga lugar na naging mahalaga sa Diliman Commune, kasama na rito ang kahabaan ng University Avenue. Sa panahon ng pandemya na may sinusunod na mga patakaran sa pisikal na pagpunta sa mga pampublikong espasyo, magkaroon ng masinop na dokumentasyon at pagkuha ng larawan sa bawat araw upang maibahagi ang mga likhang-sining at aktibidades sa kampus. Ibabahagi lahat ito sa virtual spaces ng social media at sa virtual exhibit na *Sa(la)ysay ng Diliman Commune*. Bagama't wala ang academic community sa kampus, kakatawanin ng mga "materyales fuertes" ang presensya ng komunidad ng UP Diliman at ang mensahe ng katatagan at pakikiisa ng UP sa mga suliranin ng sambayanang Pilipino.

4. *Talastasan sa Kasaysayan: Serye ng mga Webinar*
2 Pebrero – 23 Abril

Ang "Talastasan sa Kasaysayan" ay ang serye ng mga talakayan ng UP Departamento ng Kasaysayan na pumapaksa sa samu't saring paksa at larang ng kasaysayan at historiograpiyang Pilipino. Bilang paggunita sa ika-500 taon ng pagiging bahagi ng Pilipinas sa unang pag-ikot sa mundo at ika-50 taon ng Diliman Commune, magsasagawa ang Departamento ng mga webinar kaugnay nito. Layon nito na maipaliwanag ang kahalagahang pangkasaysayan at ang kabuluhan sa kasalukuyan ng apat na pangyayari sa kasaysayan ng bansa: (1) ang Diliman Commune bilang isang susing pangyayari noong Pebrero 1971 at ang naging epekto nito sa loob at labas ng Unibersidad ng Pilipinas; (2) ang pagpapakilala ng Kristiyanismo sa Pilipinas noong Marso 1521; (3) ang labanan sa Mactan noong Abril 1521; at (4) ang pagiging bahagi ng Pilipinas sa unang pag-ikot sa mundo – nagsimula ito sa Kabisayaan na umabot hanggang sa Kamindanawan.

50th Anniversary of the Diliman Commune: Celebrating the Legacy of the Diliman Commune
2 Pebrero (Martes), 2:00 n.h. – 4:00 n.h.

500th Anniversary of the Mass at Limasawa: The Confusion and Contention Over Mazaua
16 Marso (Miyerkules), 5:00 n.h. – 7:00 n.g.

500th Anniversary of the Cebu Part in the First Circumnavigation of the World: Understanding 16th-Century Visayan Society
7 Abril (Miyerkules), 2:30 – 4:30 n.h.

500th Anniversary of the Victory at Mactan: Mapping Perspectives on Indigenous Warfare
23 Abril (Biyernes), 2:30 – 4:30 n.h.

Component Head: Prof. Neil Martial Santillan

5. *Kwentong Mulat: The Diliman Commune Virtual Pasyal*
9 – 28 Pebrero

Given the limits on movement brought about by the current situation, the UP Asian Institute of Tourism aspires to contribute in commemorating the significant role the University and its people played to uphold freedom during the Martial Law period via an interactive virtual tour. This project aims to redevelop and reprogram the

Diliman Commune Walking Tour into an interactive virtual tour, create the content for the Diliman Commune Virtual Tour, conduct trainings for the virtual tour guides and escorts, and produce the Diliman Commune Virtual Tour in a video format.

Component Head: Prof. Charmielyn Cabigas Sy

6. *Saysay ng Salaysay: Paggunita sa Pagtatagpo ng Puwersa at Pamayanan*
17 Pebrero – 14 Abril

Kasabay ng pandemya ang patuloy na pag-ikot ng mundo na lumilikha ng panibagong mga pangyayari. Gayunman, sa pag-unawa sa mga ito, mahalagang ugatin at bagtasin ang mga naunang danas ng pagtatagpo at pagtatalaban na binibigyang-buhay ng ating mga artista/iskolar sa pamamagitan ng mga likhang-sining. Sa kaparaanang online, itatampok ng proyektong *Saysay ng Salaysay: Paggunita sa Pagtatagpo ng Puwersa at Pamayanan* ang mga karanasan ng mga artista at iskolar ng Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL) sa iba't ibang engkwentro sa unang pag-ikot sa mundo, labanan sa Mactan, pagpapakilala ng Kristiyanismo, at Diliman Commune:

Balik-tanaw sa Barikada '71

17 Pebrero (Miyerkules), 3:00 n.h

Isang panayam sa mga guro ng KAL upang magbalik-tanaw sa mga kaganapan noong Diliman Commune (1-9 Pebrero 1971)

Tanghal-tanaw sa Barikada '71

24 Pebrero (Miyerkules), 3:00 n.h

Pagtatanghal at eksibisyon ng mga akda/likha ng kasalukuyan o dating mga guro ng KAL

Papet Pasyon: Ang Kauna-unahang Senakulong Pambata sa Pilipinas

28 Marso (Linggo ng Palaspas), 3:00 n.h

Isang dulang pampapet na isinulat ni Pambansang Alagad ng Sining Amelia Lapeña-Bonifacio at itatanghal ng Teatrong Mulat ng Pilipinas

500 años de encuentros textuales: Mga Hamon sa Pagsasaling Wika

14 Abril (Miyerkules), 3:00 n.h

Talakayan tungkol sa mga isyu ng pagsasalin ng mga akdang ginagamit sa pagtuturo at pananaliksik

Component Head: Prof. Amihan Bonifacio-Ramolete

7. *The Boxer Codex Reimagined: A Re-Viewing and Re-Creating of the Illustrations of Filipinos in the Codex through Digitally Generated Images*
Ilulunsad sa 26 Pebrero (Biyernes)

The Boxer Codex is a 307-page transcription and translation of an illustrated late 16th century Spanish manuscript also known as the 'Manila Manuscript' "concerning the Geography, History, and Ethnography of the Pacific, South-east and East Asia." It was originally written by a Spaniard and believed to be illustrated by a Chinese artisan working with an *Indio*. The Philippines is represented in the codex by fifteen (15) illustrations of several types of inhabitants around the country. The project aims to re-visit, re-view, and re-imagine these 15 illustrations of Filipino 'natives' documented in the codex through 15 digitally generated images that mirror a new encounter with the past. These will be generated in collaboration with

students in the Art Workshop I class, SFA 192 EA Electronic Art Projects I, under the instruction and supervision of Riza A. Romero. The images will be uploaded on a web page to be designed by Riza Romero.

Component Heads: Prof. Ma. Corazon A. Hila, Prof. Roselily Medrano, Ms. Riza Romero

8. ***Obras Arquitectonicas en el Ultramar: Arquitectura Mestiza and the Built Environment in the Philippines***
Online Exhibition Ilulunsad sa 5 Marso (Biyernes)
Webinar 5 – 26 Marso (tuwing Biyernes)

This project focuses on the Spanish influence on the Philippine environment. The event will have an online exhibit with a monograph and a webinar with a panel discussion that aims to highlight the dialogic relationship between Spain and the Philippines in terms of spatial and architectural production during the colonial period.

Component Head: Prof. Gerard Rey A. Lico

9. ***Of Crosses and Culture: An Anthropological Look at 500 Years of Christianity in the Philippines (An Online Forum)***
10 Marso (Miyerkules), 8:30 n.u - 4:30 n.h.

Convened by the UP Diliman Department of Anthropology, this one-day conference/forum will feature critical discussions of cultural developments pertinent to the introduction and practice of Christianity in the Philippines. Panel presentations will offer critical perspectives on theories explaining 'Philippine culture' (e.g. syncretic) with evidences coming from studies relating to the performing arts, material culture, religion, food, etc. The polyvalence of the word 'cross' is explored in this forum. Its various meanings – a metonym for Christianity, adversity and suffering, intersection, hybridity – could be used as conceptual anchors for the different discussions in the conference/forum.

Component Heads: Prof. Carlos P. Tatel, Prof. Monica Fides Amada W. Santos

10. ***PAGDIRIWANG 2: Christianity and Popular Devotion — An Online International Conference on Folklore and Heritage***
17 – 18 Marso (Miyerkules at Huwebes)

The UP College of Social Sciences and Philosophy — Folklore Studies Program will be hosting *Pagdiriwang 2*, an online international conference to mark the commemoration of the 500th year of the introduction of Christianity in the Philippines. It is a celebration and a conversation about faith that has been localized and contextualized through intimate and collective acts of devotions. The conference will focus on the transformations and incorporation of Christianity and popular devotion in the cultural and social lives of local populations. Academics from the Philippines and other countries who have conducted research on the topic were invited to present in the conference.

Component Heads: Prof. Bernadette L. Abrera, Prof. Carlos P. Tatel, Prof. Jesus Federico C. Hernandez

11. Sabang: Early Southeast Asian-European Intercultural Encounters (An Online Conference)

18 – 20 Marso (Huwebes at Biyernes), 8:00 n.u. - 5:00 n.h.

The discovery of the transpacific route in 1521 signaled the beginning of the Philippines' entanglement with Hispanic and Hispanicized cultures on both sides of the Atlantic. It facilitated the flow and exchange of goods and ideas to and from Asia on the one hand, and the Americas and Europe on the other. The Philippines, Manila in particular, played a crucial role not only as an important trans-shipment point for American silver, Chinese porcelain, textiles, and other products, but also as a melting pot of cultures. The 500th anniversary of such discovery provides an opportune moment to analyze and reflect on the vaunted yet largely understudied intercultural encounters between Europe and Asia.

The UP Asian Center intends to hold a two-day webinar conference entitled "Sabang: Early Southeast Asian-European Intercultural Encounters" to discuss the varied cultural legacies of the European-Asian encounter that began in the early sixteenth century. "Sabang" (Tagalog for juncture, intersection) encapsulates the meeting of cultures and the centrality of the Philippines in these encounters. While the conference's inspiration draws primarily from the Philippine-Spanish experience, it also seeks presentations on and from neighboring Southeast Asian countries to highlight similarities and differences with the Philippine experience. It likewise seeks presentations that employ inter- and trans-disciplinary approaches to understand cultural exchange and hybridity. "Sabang" envisions a lively online exchange of ideas by both young and senior scholars from Asia, the Americas, and Europe. It intends to have several modalities of exchange namely roundtable discussions, keynote lectures, and panel presentations.

Component Heads: Prof. Ariel Lopez, Prof. Noel Christian Moratilla

12. The 2ND Consuelo J. Paz Lecture: A thumbnail sketch of Philippine Linguistics during the Spanish Colonial Period by Dr. Arwin Vibar (An Online Lecture)

19 Marso (Biyernes), 2:00 – 4:00 n.h.

Ang *Consuelo J. Paz Lecture* ay isinasagawa ng Departamento ng Linggwistiks, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, tuwing maka-dalawang taon. Inilunsad ito upang bigyang- pugay ang di-matatawarang ambag ni Dr. Consuelo J. Paz sa linggwistiks sa Pilipinas (Philippine linguistics) at aralin sa kultura (culture studies). Sa taong 2021, idaraos ang Paz Lecture bilang bahagi ng Buwan ng mga Sining at Kultura sa UP Diliman na may temang "Engkwentro: Barikada Singkwenta at Ika-500 Taon na Pagtatagpo ng Pilipinas at Espanya". Dahil dito, ang tampok na lekturang matutunghayan sa programa ay hango sa isang tatlong-tomong disertasyon hinggil sa mga pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas na isinagawa ng mga misyonerong Espanyol at ang mga implikasyon nito sa pagbuo at pag-unlad ng linggwistiks sa Pilipinas at sa pagsasakaysayan sa Filipino bilang Wikang Pambansa. Ang ikalawang Paz Lecture ay magmumula kay Dr. Arwin Vibar ng University of Asia and the Pacific. Ibo-broadcast ang palatuntunan sa pamamagitan ng StreamYard at ila-livestream sa Facebook page at YouTube channel ng Departamento ng Linggwistiks.

Component Head: Prof. Jem R. Javier

13. Tugon: Community Reflects on Historical Moments

Ilulunsad sa 26 Abril (Lunes)

This project is a composite exhibit of 1x1 artworks made by teachers, students and staff of the UP College of Fine Arts responding to the question: "What is the point of remembering the two - the arrival of Spain in the Philippines and the Diliman Commune vis-a-vis our current collective challenges?" This will be a generation's reply to a nation's historical lessons.

The 1x1 artwork can be a 1 foot by 1 foot painting, photograph, print or sculpture, 1 minute audio/video, or 1 frame animation. Regardless of their rank in scholarship, practice or service, everyone in the College will participate as the point is not only to make beautiful artwork but to give a voice to everyone. There will also be a pre-event workshop that will consist of a history talk by a guest lecturer and an orientation on production by the organizers, as well as an artist talk on or after the exhibit opening. The event by select members of the organizing team and participating artists is open to the public.

Component Heads: Prof. Dayang Magdalena Nirvana Yraola, Prof. Annie Dennise Lumbao

14. Iba pang mga inisyatiba

Itatampok din ang mga inisyatiba ng mga organisasyon ng mag-aaral at ng iba pang mga yunit sa UP Diliman na tumutugon sa mga nabanggit na tema.

Ang mga gawaing nabanggit ay maaaring isama sa *course packs* ngayong ikalawang semestre ng AY 2020-2021 o sa *development activities* ng mga mag-aaral at kawani. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa UPD-OICA sa pamamagitan ng kanilang telepono bilang 8981-8500 local 2659/2660 o mag-email sa specialprojects_oica.upd@up.edu.ph.

Maaari ring bisitahin ang opisyal na social media accounts ng UPD-OICA para sa mga update:

<https://www.facebook.com/updoica>

<https://twitter.com/updoica>

<https://www.instagram.com/updoica>

www.youtube/channel/UPD-OICA

Makigunita sa pamamagitan ng paggamit ng mga sumusunod na hashtag:

[#UPDArtsCultureFestival2021](#)

[#Engkwentro](#)

[#Barikada50](#)

[#PH500](#)

Maraming salamat sa inyong pakikiisa!



FIDEL R. NEMENZO, D.Sc.
Chancellor